

Idinideklara ng Pamahalaan ng Ontario ang ikalawang panlalawigang state of emergency

BRAMPTON, ON (Enero 13, 2020) – Kahapon, idineklara ng Pamahalaan ng Ontario ang ikalawang panlalawigang emergency sa ilalim ng Emergency Management and Civil Protection Act (EMCPA), simula sa Enero 13 sa 12:01 am.

Simula sa Enero 14, 2021 sa 12:01 am, nag-iisyu ang Pamahalaan ng Ontario ng kautusan na manatili sa bahay na nag-uutos sa lahat na manatili sa bahay na may mga eksepsyon para sa mahahalagang mga layunin, tulad ng pamimili sa grocery store o botika, ina-access ang mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, para sa ehersisyo o para sa mahalagang trabaho.

Ang kautusan na ito at iba pang bago at umiiral na mga limitasyon ng public health ay nakatuon sa paglimita sa paggalaw ng mga tao at pagbabawas sa bilang ng araw-araw na mga kontak sa mga hindi kasama sa direktang pamamahay. Bukod pa sa paglimita sa mga paglabas sa mahahalagang pakay, kailangang tiyakin ng lahat ng negosyo na ang sinumang empleyado na pwedeng magtrabaho mula sa bahay, ay magtatrabaho mula sa bahay.

Ang sumusunod na karagdagang mga pamamaraan ng public health ay isinasagawa rin:

- Ang mga outdoor na inorganisang mga pampublikong pagtitipon at mga pagtitipon kasama ang iba ay dagdag na nililimitahan sa limitasyon ng limang tao.
- Ang mga indibidwal ay inaatasang magsuot ng mask o pantakip ng mukha sa mga indoor na bahagi ng mga negosyo o organisasyon na bukas. Ang pagsusuot ng mask o pantakip ng mukha ay ngayon inirerekumenda sa mga outdoor kapag hindi ka pwedeng pisikal na lumayo nang higit sa dalawang metro.
- Ang lahat ng hindi mahalagang mga retail store, kabilang ang mga hardware store, alcohol retailers, at ang mga nag-aalok ng curbside pickup o delivery, ay kailangang bukas nang hindi mas maaga sa 7 am at magsasara nang hindi lalampas sa 8 pm. Ang mga limitadong oras ng operation ay hindi mailalapat sa mga tindahan na pangunahing nagbebenta ng pagkain, mga botika, mga gas station, mga convenience store, at mga restawran para sa takeout o delivery.

Ang mga pamamaraang ito ay nagkakabisa sa pagitan ng Enero 12, 2021 at Huwebes, Enero 14, 2021, kabilang ang panlalawigang deklarasyon ng emergency sa ilalim ng EMCPA, mga kautusan sa ilalim ng nasabing Act, at mga amendasyon sa mga regulasyon sa ilalim ng Reopening Ontario Act (ROA).

Basahin ang mas marami pa tungkol sa ikalawang panlalawigang emergency .

Bagong mga pamamaraan ng pagpapatupad

Sa ilalim ng deklarasyon ng panlalawigang emergency, magbibigay ang Lalawigan ng kapangyarihan sa lahat ng mga officer sa pagpapatupad at panlalawigang offences, kabilang ang Ontario Provincial Police, mga lokal na police forces, mga officer ng ordinasa at mga inspektor sa mga panlalawigang lugar ng trabaho para mag-isyu ng mga tiket sa mga indibidwal na hindi sumunod sa kautusan na manatili sa bahay, o sa mga hindi nagsusuot ng mask o pantakip ng mukha indoor pati na rin ang mga retail



operator at ang mga kumpanyang hindi nagpapatupad. Ang mga nagpapasyang hindi sumunod sa mga kautusan ay sasailalim sa itinakdang mga multa at/o pag-uusig sa ilalim ng ROA at EMCPA.

Ang mga hindi sumusunod sa mga limitasyon ay mumultahan at/o titiketan. Ang mga singil para sa mga paglabag sa ilalim ng Batas sa Muling Pagbubukas ng Ontario (Reopening Ontario Act) at mga Ordinansa ng Lungsod ay mula from \$500 hanggang \$100,000 depende sa uri ng paglabag.

Mandatoryong mga pantakip ng mukha

Sa ilalim ng Ordinansa ng Mandatoryong Pantakip ng Mukha, ang mga hindi medikal na mask o mga pantakip ng mukha ay iniuutos sa lahat ng indoor na pampublikong espasyo sa Brampton. Ang mga pampublikong estabilisyo at mga negosyo ay inuutusan na magsuot ng mga mask o mga pantakip ng mukha sa mga indoor na espasyo ng publiko na nasaa ilalim ng kanilang kontrol.

Hindi isinasali ng ordinansa ang ilang mga indibidwal, kabilang ang mga hindi makapagsuot ng mask o pantakip ng mukha dahil sa mga medikal na rason; mga batang wala pang dalawang taong gulang; mga indibidwal na kasama sa atletik na aktibidad ayon sa Mga Kautusan sa emergency. Para sa impormasyon, bisitahin ang: www.brampton.ca/masks

Mga serbisyo at pasilidad ng Lungsod

City Hall at mga corporate na pasilidad

Ang City Hall at mga corporate na pasilidad ay mananatiling bukas para sa mga personal na serbisyo sa pamamagitan sa appointment lamang. Hindi pinapayagan ang mga walk-in. para mag-book ng appointment, bisitahin ang www.brampton.ca/skiptheline.

Mga sentrong panlibangan at mga amenidad ng Lungsod

Ang lahat ng mga pasilidad na panlibangan ng Lungsod ng Brampton ay nananatiling sarado sa publiko. Para sa mga online na video sa pananatiling fit at aktibo, [i-click dito](#).

Ang mga outdoor ice rink ng Lungsod ng Brampton ay nananatiling bukas para makatulong sa mga residente na manatiling malusog, ligtas at aktibo, kung maganda ang panahon. Ang mga oras ng operation ay makikita sa www.brampton.ca/outdoorskating.

Ang kalusugan at kaligtasan ng komunidad ay ang pangunahing prayoridad ng Lungsod, lalo na sa panahon ng COVID-19. Kaayon sa mga rekomendasyon ng Peel Public Health, ang isang reservation system ay nakahanda para bisitahin ang mga rink. Ito ay upang matiyak na napapanatili ang mga rekisito ng kapasidad at posible ang contact tracing kung kinakailangan. Ang up-to-date na impormasyon tungkol sa mga pag-aakma sa outdoor programming ay makikita sa www.brampton.ca/recreation.

Ang mga residente at negosyo ay pwedeng tumawag sa 311, bisitahin ang www.311brampton.ca o gamitin ang 311 mobile app para sa karagdagang impormasyon at mga hiling sa serbisyo.

Mga Link

- [Programa at mga update sa serbisyo sa COVID-19 ng Lungsod ng Brampton](#)
- [Lungsod ng Brampton – ano ang sarado, ano ang bukas](#)
- [Mga Sintomas ng COVID-19](#)
- [Testing sa Brampton](#)
- [Paano ibukod ang sarili](#)
- [Pagpapanatili sa mga negosyo at mga lugar ng trabaho na ligtas sa panahon ng COVID-19](#)



- [Mga Kaso ng COVID-19 sa Peel](#)

-30-

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca